
Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 1, BLG. 12 DAET, CAMARINES NORTE ABRIL 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado

**nasa loob**

EDITORYAL 4

91st Provincial Foundation Anniversary
Bantayog Festival 2011
"Bawat Cam Norteño, Bayani at Marangal"

# 91st Founding Anniversary ng CNorte at 7th Bantayog Festival sinuportahan ng publiko







*Pinangunahan ni Gob. Egay Tallado ang Flag Raising Ceremony kaugnay ng pagbubukas sa selebrasyon ng ika-91 taong anibersaryo ng lalawigan at 7th Bantayog Festival. Nagbigay din siya ng mensahe sa mga dumalo sa Opening Program na ginanap sa CN Agro Sports Center na dinaluhan ng mga kawani mula sa iba't-ibang ahensiya ng pamahalaan dito sa lalawigan.*

Ipinakita ng mga mamamayan mula sa 12 bayan ng Camarines Norte ang kanilang suporta at kooperasyon sa pagdiriwang ng ika-191 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng lalawigan na may temang, "***Bawat Cam. Norteño, Bayani at Marangal***". Ang mga programa at aktibidad sa naturang pagdiriwang simula Abril 4-Mayo 14, 2011 ay pawang na-

*(Sundan sa pahina 2)*

# Sen. Chiz Escudero at Cong. Jack Enrile panauhin sa anibersaryo ng Cam. Norte






*Nagbibigay ng kanyang mensahe si Sen. Francis "Chiz" Escudero sa mga dumalo sa Opening Program ng 91st Founding Anniversary ng Camarines Norte kung saan siya ang panauhing pandangal ng lalawigan. Gayundin, si Congressman Jack Enrile ng Cagayan ay panauhin din ng lalawigan sa ginanap na Governor's Night sa Bagasbas Beach House kaugnay pa rin ng selebrasyon dito ng pagkakatatag ng lalawigan.*

Dalawang (2) mahahalagang opisyal sa larangan ng pulitika ang nakiisa sa selebrasyon ng ika-91 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng lalawigan ng Camarines Norte noong ika-15 ng Abril 2011. Ito ay sina Senador Francis Joseph 'Chiz' Escudero at *Congressman* Jack C. Enrile ng Unang Distrito ng Probinsya ng Cagayan.

Naging panauhing

*(Sundan sa pahina 2)*

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Talento ng...

(Mula sa pahina 3)

gamitin ang sining ng musika gaya ng pagkanta at pagtugtog ng iba't-ibang instrumentong pang-musika gaya ng gitara at plawta.

Kaugnay nito, ang pagsasanay sa pagtugtog ng gitara at plawta para sa mga kabataang may edad 9 na taon at pataas ay isasagawa simula Mayo 9-13 sa *CNAVR*, at *Museo Bulawan Lobby*, ayon sa pagkakasunod.

Ang mga matututuhang kaalaman at kasanayan ng mga kalahok sa mga nabanggit na pagsasanay ay ipakikita nila sa pamamagitan ng *Showcase of Talents* na idaraos sa Mayo 14 sa *Camarines Norte Sports, Cultural and Arts Center, Provincial Capitol, Daet*.

Sa pagtatapos ng *Summer Arts Workshop 2011*, ilulunsad naman ang *Visual Arts Exhibit Year VI* sa *Ground Floor, Provincial Capitol Lobby* simula sa Mayo 14-Hunyo 12, 2011. Sa pamamagitan nito, makikita ng publiko ang mga likhang larawan ng mga mahuhusay na pintor na tubong-Camarines Norte gayundin ang ilang kilalang pintor na may pusong-Cam. Norteño. ***LT IBASCO***

# Sen. Chiz Escudero...

(Mula sa pahina 1)

pandangal at tagapagsalita si Senador Chiz sa programang pággunita sa ***Camarines Norte Sports, Cultural and Arts Center (CNSCAC)*** matapos ang ***flag raising ceremony*** at misang pasasalamat sa ika-8 ng umaga. Sa kanyang mensahe, nanawagan ang Bikolanong senador mula sa Sorsogon na magtulungan ang mga Cam. Norteño sa paghubog ng kasaysayan ng lalawigan ng Camarines Norte sa hinaharap. Importante aniyang balik-tanawin ang mga aral at leksyon ng nakaraan ngunit mas mahalaga pa rin ang ginagawa natin sa kasalukuyan, at ang maaari nating gawin kaugnay sa direksyon na tatahakin sa hinaharap.

Bilang tugon sa kahilingan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado patungkol sa pagtiyak sa maayos na sistema ng hustisya sa lalawigan, sinabi ng senador na tututukan niya ang pagtiyak na hindi masasayang ang ***law enforcement efforts*** ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado. Bilang tagapamuno ng ***Senate Committee on Justice and Human Rights***, kaisa umano siya ng gobernador sa kampanya laban sa mga iligal na aktibidad lalo na ang bentahan ng iligal na droga.

Hinikayat din ni Sen. Chiz ang publiko na ipaabot sa kanyang tanggapan ang kanilang mga hinaing at opinyon para maiparating sa mga kinauukulan. Binigyang-diin nito na karapatan at pribilehiyo ng bawat mamamayan na paulit-ulit na iparinig ang kanilang boses at gamitin ang kanilang karapatan. Maaari silang makipag-ugnayan sa senador sa pamamagitan ng *e-mail address* nito na: sen.escudero@gmail.com ó i-text ang CHIZ_tanong/mensahe/nais sabihin at i-*send* sa 2976.

Una rito, nagbigay ng mensahe si Gob. Tallado kung saan ipinaabot nito ang lubos na pasasalamat sa lahat na tumulong at nakiisa sa selebrasyon ng ika-91 taong anibersaryo ng lalawigan na ang mga aktibidad at gawain ay pawang nakatuon sa ***7th Bantayog Festival.*** Ipinaalam din niya sa publiko na sa ilalim ng kanyang administrasyon, ang lalawigan ng Camarines Norte ang nanguna sa talaan ng ***Philippine National Police (PNP) Regional Office 5*** bilang may pinakamaraming nahuling sangkot sa pagbebenta ng iligal na droga, iligal na pamumutol ng mga punungkahoy, iligal na pangingisda, at iligal na pagmimina.

Dumalo rin sa okasyon sina Bise Gob. Pimentel at mga kagawad ng Sangguniang Panlalawigan (SP), mga matataas na opisyal at kawani mula sa mga pamahalaang lokal at nasyonal, pribadong sektor at organisasyon gayundin ang maybahay ng gobernador na si Gng. Josefina Baning-Tallado.

Tuluy-tuloy ang isinagawang mga programa rito gaya ng ***surfing clinic*** sa Bagasbas Beach; ***civic-military parade*** sa ***downtown*** Daet; ***CAT Fancy Drill Competition*** at ang ***DBC/DLC Competition***.

Ang huling bahagi ng nasabing panlalawigang selebrasyon ay ang ***'Night with the Governor together with Cong.*** Jack C. Enrile' na ginanap sa Bagasbas ***Beach House.*** Ang programa nito ay tinampukan ng pambungad na panalangin ni ***Executive Assistant IV*** Jose G. Boma; ***welcome remarks*** ni Gob. Tallado; pagpapakilala ni ***Museum Curator I*** Abel C. Icatlo sa panauhing tagapagsalita, at ang mensahe mula kay ***Congressman*** Enrile. Nagkaroon din ng ***musical entertainment*** na nagpasigla sa mga dumalo sa naturang okasyon. ***LT IBASCO***

# 91st Founding...

(Sundan sa pahina 1)

kasentro sa *7th Bantayog* ***Festival.***

Ang halos 1-buwang selebrasyon dito ay nagsimula sa pamamagitan ng ***Bicol Open Tennis Championship (Lawn Tennis)*** simula Abril 4-11, 2011 sa ilalim ng pamamahala ni ***Executive Assistant IV*** Jose G. Boma, tagapamuno ng komitiba ng liga. Kasabay nitong binuksan sa publiko ang ***2011 Summer Arts Workshop*** simula Abril 4-Mayo 14, 2011 na pinangasiwaan ng ***Office of the Governor-Museum, Archives and Shrine Curation Division (G.O.-MASCD)*** sa ilalim ng pamumuno ni ***Museum Curator I*** Abel C. Icatlo.

Naging bahagi rin ng selebrasyon dito ang ***Tribute to Local Heroes (Anniversary of Daet Revolt of 1898)*** na tinampukan ng isang ***Lecture on the Air*** kung saan ipinaalam sa publiko ang naging partisipasyon ng mga kababayan nating naging mga Katipunero at mga dakilang anak ng Daet at iba pang karatig-bayan na inialay ang kanilang buhay sa makasaysayang ***1898 Daet Revolt*** na inilunsad nila laban sa pwersang Kastila.

Nakapaglibang din ang publiko sa 3-araw na ***Jamming*** sa Bagasbas ***(Beach Party)*** na isinagawa noong Abril 14-16 simula ika-6 n.g. at higit pa. Pinangasiwaan ito ng tagapamuno ng komitiba nito na si Larry R. Abanto.

Iba't-ibang aktibidad ang idinaos sa selebrasyon ng mismong araw ng anibersaryo ng lalawigan, Abril 15, unang-una na ang seremonya ng pagtataas ng watawat sa ganap na ika-8 n.u. sa ***Provincial Capitol Grounds.*** Pinangunahan ito nina Gob. Egay A. Tallado at Bise Gob. Jonah G. Pimentel at iba pang matataas na opisyal ng pamahalaang panlalawigan. Sinundan ito ng misang pasasalamat, at programang paggunita kung saan naging panauhing pandangal at tagapagsalita si Senador Francis Joseph 'Chiz' Escudero na tubong Sorsogon.

Isinagawa naman sa dakong hapon ang ***Socio-Civic and Military Parade*** kung saan nakilahok ang iba't-ibang pampamahalaan at pribadong sektor mula sa 12 bayan ng ating lalawigan. Aktibo rin ditong nakiisa ang hanay ng pamunuan ng kapulisan at kasundaluhan na ipinarada pa ang kanilang mga makabagong armas, kagamitan at sasakyan sa pakikipaglaban sakaling may maghasik ng kaguluhan at rebelyon.

Batay sa dami ng sumali, masasabing matagumpay ang naturang parada na pangkalahatang pinangasiwaan ni ***PCSupt.*** Antonio N. Gardiola, Jr. bilang tagapamuno ng komitiba nito. Nakatulong niya sa gawain sina ***OIC Provincial Warden*** Reynaldo N. Pajarillo, ***co-chairman***, at mga miyembro nito gaya ng *Philippine Army (PA) c/o* Col. Teodoro Cirilo T. Torralba III, PNP Daet c/o PCI Arnulfo S. Selencio, Kabalikat Bicol, Kabalikat Charity, at ang mga barangay tanod ng bayan ng Daet. Nagkaroon din dito ng ***CAT Fancy Drill***, **at** ***DBC/DLC Competitions*** na nakapagdagdag-kulay sa pagdiriwang sa anibesaryo ng ating pagka-lalawigan. Ang selebrasyon dito ay natapos sa pamamagitan ng ***Governor's Night*** sa ***Bagasbas Beach House*** kung saan naging panauhing pandangal si ***Congressman*** Jack C. Enrile ng Unang Distrito ng Probinsya ng Cagayan. **- L.T. IBASCO**

# GSIS G-WAPS Launching




Pinangunahan ni Gob. Edgardo A. Tallado ang seremonyal na pagtatanggal ng tabing ng ***G-W@PS Kiosk machine*** na inilagay sa ***Provincial Capitol Ground Lobby.*** Ito ang nagsilbing hudyat sa pagbubukas nito para sa lahat ng opisyal at kawani ng mga pamahalaang lokal at nasyonal na miyembro ng ***Government Services Insurance System (GSIS).*** Layunin nito na mailapit sa mga miyembro lalo na sa mga pensyonado ang iba't-ibang serbisyo ng ***GSIS*** sa pamamagitan ng paggamit **ng kanilang *e-Card*** para matsek ang kanilang pensyon at mga benepisyong maaari nilang matanggap o makuha. Ang ***G-W@PS Kiosk machine*** ay idinisenyo na parang ***Automatic Teller Machine (ATM)*** ngunit hindi ito naglalabas ng pera kundi pawang mga impormasyon lamang gaya ng halagang maaaring mautang sa ***policy loan***, programang pabahay, at iba pa. Sa pamamagitan din nito, maaaring malaman ng sinumang miyembro ang balanse ng kanilang bayarin sa mga ***loans*** nila sa ***GSIS*** gamit ang kanilang ***eCard*** ó ***UMID eCard. - LT IBASCO***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# 36 exhibitors lumahok sa Bantayog Tourism & Trade Fair

Umabot sa 36 na *exhibitors* mula sa iba't-ibang bayan ng lalawigan at karatig-probinsya, partikular sa Camarines Sur, ang lumahok sa 1-linggong *Bantayog Tourism and Trade Fair* na isinagawa simula Abril 18-24, 2011 sa harapang bahagi ng *Development Bank of the Philippines (DBP)*-Daet.

Sa pamamagitan nito, naipakilala ng mga *small and medium scale entrepreneurs (SMEs)* sa publiko ang kani-kanilang mga serbisyo at produkto gaya ng mga *native handicrafts, fish products*, kakanin (pasalubong), *meat products, organic health products, ornamental plants*, mga produktong gawa ng mga nakapiit sa *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)*, maliban sa iba pa.

Umabot sa P243,426.75 ang halaga ng mga nabentang serbisyo at produkto rito batay sa *sales and monitoring checklist* ng komitiba ng *tourism and trade fair* na pinamunuan ni *Provincial Director* Ernesto R. Pardo ng *Department of Trade and Industry (DTI) Provincial Office* katulong ang *Provincial Planning and Development Office (PPDO), Office of the Provincial Agriculturist (OPAg), General Services Office (GSO)*, at mga kinauukulang kawani ng *DTI*.


Ang nasabing *tourism and trade fair* ay bahagi pa rin ng selebrasyon ng ika-91 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng ating lalawigan na ang mga gawain ay pawang nakasentro sa *7th Bantayog Festival*.

Kabilang sa mga pribado at pampamahalaang grupo na sumali sa nasabing *tourism and trade fair* ay ang: *Mercedes Fish Processors Association, Camarines Norte State College (CNSC) Future Young Farmers, CN Barangay Food Terminal Federation, Big Norman's Garden, Bulakeña Garden, Baby Ruth's Garden, Lyn's Ornamental, OPAg, P. Tanzo Prime Goods (Bounty Fresh), Human Nature, Kargen Water, Digitel, Abby's* Pasalubong, *Daet Food Producers Association, Vinzons Northwine, DTI Carp, Northlink Events and Travel Services, Dhangs Handicraft, Tuaca Environmental Action Brigade, Inc., Caayunan Multi-Purpose Cooperative/Bantay-Kalikasan, Inc., San Pascual Community-Based Management, Inc., P. Tanzo Prime Goods (CDO), NU Skin, Camarines Norte Water District (CNWD)*, at *St. John Quadricentennial Souvenir Items*. Nakiisa rin sa 1-linggong aktibidad ang mga bayan ng Paracale, Jose Panganiban, Labo, San Lorenzo Ruiz, Talisay, Mercedes, Vinzons, Sta. Elena, Daet, at Basud.

Matatandaan na inilunsad ang *tourism and trade fair* noong Abril 18 matapos ang *ribbon cutting ceremony* na pinangunahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado na naging hudyat sa pormal na pagbubukas nito sa publiko. ***LT IBASCO***












# Talento ng mga kabataan sa sining at pag-arte, hinasa sa Summer Arts Workshop dito

Ibinahagi ni *Museum Curator I* Abel C. Icatlo na ang kasaysayan, kultura at sining ay mga salik na sumisimbolo sa kaluluwa ng bansa. Ito ang pinagbubukalan ng inspirasyon ng mga tao para epektibong gampanan ang kanilang responsibilidad bilang mga mamamayan. Ang kanilang mga adhikain para sa pangkalahatang kagalingan ay mas pinatatag ng mga kaugalian, tradisyon at magagandang katangian na natutunan natin mula sa makulay na kasaysayan, kultura at sining na minana pa natin sa ating mga ninuno.

Dahil dito, sa ilalim ng administrasyon ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado, itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ang *Summer Arts Workshop 2011* ngayong panahon ng bakasyon. Ito ay sa pamamagitan ng *Museum, Archives and Shrine Curation Division (MASCD)* na pinamumunuan ni *Museum Curator I* Abel C. Icatlo.

Layunin ng gobernador na sa pamamagitan ng nasabing aktibidad ay mabigyan ng pagkakataon ang mga mamamayan dito lalo na ang mga kabataan na mapaunlad ang kanilang likas na pagkamalikhain; mapayabong ang kanilang talentong pang-artistikong, at mapalabas ang pinakamahusay nilang personalidad sa pamamagitan ng *values formation* kasabay ng pagkatuto nila sa iba't-ibang uri ng sining, at ang mahalagang papel nito sa paghubog ng isang bansa.

Ang *summer workshop* ay inilunsad dito noong Abril 4, 2011 sa pamamagitan ng angkop na programa sa *Camarines Norte Audio-Visual Room (CNAVR), 3rd Floor, Provincial Capitol Annex Building* na nagsilbing hudyat din sa pagsisimula ng 5-araw na *Acrylic and Oil Painting* simula Abril 4-8, 2011 sa katulad na lugar. Tinampukan ito ng *workshop orientation* para sa may 85 kalahok sa pagsasanay sa sining ng pagpinta na hinati sa tatlong *age categories*: 6-8, 9-12 at 13-16 na taong gulang.

Umabot sa 89 kabataan at mga guro ang dumalo sa *Folkdance Workshop* na idinaos noong Abril 11-15 sa *Camarines Norte Agro-Sports Center (CNASC)*.

Sumali naman sa *Charcoal Painting Workshop* ang may 81 kabataan na nahati sa *age categories* na 6-8, 9-12 at 13-16 taon. Ginanap ito simula Abril 25-29 sa *Museo Bulawan Lobby, Provincial Capitol Building*, Daet.

Samantala, magkakaroon din ng *Theater Arts Workshop* para sa mga indibidwal, bata ó matanda man, na mahilig sa larangan ng pagganap at pag-arte. Isasagawa ang mga pagsasanay sa *St. Ambrose Hall, 4th Floor, La Consolacion College-Daet* simula Mayo 2-6, 2011.

Sa maraming pagkakataon, ginagamit natin ang iba't-ibang larangan ng sining upang maipahayag ang ating mga saloobin, opinyon at damdamin sa mga kaganapan sa ating bansa, at sa ibang bansa man. Madalas nating

(Sundan sa pahina 2)

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com




# EDITORYAL

## Walang panahon

ANG public service ay isang uri ng paglilingkod na walang pinipiling panahon. Kabilang sa mga naglilingkod sa publiko ay ang mga pulis, militar, pamatay-sunog, at mga ospital.

Ang pagiging pinuno ng pamahalaan tulad ng isang gobernador ay kasama rin sa ganyang uri ng paglilingkod. 'Yan ang dahilan kung bakit sa kapitolyo ng Camarines Norte ay nananatiling maliwanag hanggang lumalim ang gabi. Sa pamamahala ng kasalukuyang gobernador, madalas ay maliwanag ang tanggapan niya upang tapusin ang mga mahahalagang gawain kahit malalim na ang gabi. Personal niyang pinangangatawanan at pinangangasiwaan ang pamamahala sa lahat ng transaksyon at pangangailangan ng taong-bayan. Halos araw-araw, siya ay nasa kapitolyo, kung di man nasa 'provincial multi-service caravan' upang iparamdam sa mga kababayang nasa malalayong barangay ang uri ng serbisyo ng pamahalaang panlalawigan. Dito'y hindi ni Gob. Egay tinitingnan ang kulay-pulitika basta maihatid lang ang serbisyo at mailapit ang kapitolyo sa mga ito.

Ang halimbawa ng taus-puso niyang paglilingkuran sa bayan ay ang ginagawang pagkokongkreto ngayon ng mga kalsada probinsyal. Bagama't tag-ulan, makikita ngayon ang mga ginagawang kalsada patungo sa bayan ng San Loranzo Ruiz, gayundin sa bayan ng Labo at Paracale. Isang magandang palatandaan yan na tunay na paglilingkod sa bayan ang hangad ng kasalukuyang administrasyon. At ngayon ay nabatid natin na hindi naman pala kinakailangang maghintay ng tag-init upang sementuhin ang mga kalsada. Ang kailangan lamang ay may hangaring tunay na maglingkod ang isang gobernador upang makagawa ito ng mga bagay na ikabubuti ng lalawigan.

Ito ang kailangan ng Camarines Norte, paglilingkod na walang humpay at 'yan ay nakikita natin sa kasalukuyang gobernador.


# CNJPAI nakasali sa Hongkong International Jewelry Show; Inisyatibo ng DTI pinapurihan ng pamahalaang panlalawigan

Mapalad ang *Camarines Norte Jewelry Producers Association, Inc. (JPAI)* na napili bilang isa (1) sa dalawang (2) kalahok ng Pilipinas sa katatapos na *Hongkong International Jewelry Show* sa *Hong Kong Convention and Exhibition Center, Wanchai, Hongkong* na idinaos noong Marso 4-8, 2011.

Ang partisipasyon ng Camarines Norte sa naturang prestihiyosong *jewelry show* na nagbigay ng malaking karangalan sa lalawigan ay bunga ng ibayong pagsisikap ng pamunuan ng *Department of Trade and Industry (DTI)* dito sa pangunguna ni *DTI Provincial Director* Ernesto R. Pardo.

Dahil dito, agad pinagtibay ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang Resolusyon Blg. 994-2011 na ipinalabas kamakailan ng Sangguniang Panlalawigan bilang papuri sa inisyatibo ng *DTI* sa pamamagitan ni *DTI PD* Pardo at *Jewelry Industry Coordinator, TIDS* Leora A. Puso na nangasiwa sa pangkalahatang koordinasyon at partisipasyon

(Sundan sa pahina 7)













Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

**EDITORS:** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/design.

**OFFICIAL PHOTOGRAPHER** – Luigi Martin P. Querubin.

**CIRCULATION** - Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.—Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

***Ang iba't-ibang eksena sa mga exhibits ng Bulawan "The Evolution of Camarines Norte Jewelry" kung saan ito ay dinaluhan nina Gob. Egay A. Tallado at ng kanyang maybahay na si Josie Tallado, 0IC PA Joey G. Boma at J. Pang Mayor Ricarte Padilla. Bumisita rin doon si Cong. Lani Mercado Revilla ng Cavite at Grace Poe Llamanzares ang MTCRB chairman. Samantala, dumalo naman sa Hongkong ang mga SP Members na sina Edgar Dasco, Pol Gache at Gaying Pedron, pareho itong pinangasiwaan ng DTI CN sa pumumuno ni Prov'l Dir. Ernie Pardo.***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Gov. Tallado panauhing tagapagsalita sa CNSC Graduation Rites 2011

## 4 PGSP scholars na cum laude sa CNSC binigyan ng sertipiko ng pagkilala

Naging panauhing pandangal si Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado sa 19th *Commencement Exercises* ng *Camarines Norte State College (CNSC)* na isinagawa sa *Camarines Norte Sports, Cultural and Arts Center (CNSCAC)*. Ito ay itinuon sa paksang: ***"De-Kalidad na Magsisipagtapos na may Pagkalinga para sa Sangkatauhan"***.

Sa mensahe ni Gob. Tallado sa nasabing okasyon, binigyang-diin nito na ang programang pang-edukasyon ay isa sa mga pangunahing prayoridad ng kanyang administrasyon. Sinabi pa niya na dapat bigyang-halaga ng sinuman ang edukasyon; hindi lamang para sa pansariling interes kundi lalo't higit para sa kapakanan at kaunlaran ng ating bansa.

Binigyang-diin din ng gobernador na dapat mag-aral ang mga estudyante, at hindi basta pumapasok lamang sa paaralan. Kailangang magsipag at magtiyaga sila para magkaroon ng de-kalidad na edukasyon. Ito aniya ang magsisilbing matibay na sandata nila kapag nag-aaplay na sila ng trabaho.

Bilang siyang mga susunod na manggagawa at/o lider ng bansa, kailangang mahubog ang kanilang maging katangi-tangi sila at de-kalidad ang kanilang kaalaman at kasanayan lalo na ngayong patindi nang patindi ang kumpetisyon. Mas pinipili ng mga pampubliko at pribadong tanggapan man ang mga aplikante na may magandang ***scholastic record*** at katangi-tanging personalidad.

Maliban sa pagnanais ng maalwang pamumuhay, kailangang magkaroon din sila ng matiim na paglingkod sa kapwa at sa pamahalaan tungo sa pagbuo ng isang mapayapa, maunlad at maka-Diyos na sangkatauhan.

Samantala, sa loob din ng programang isinagawa sa naturang pagtatapos ay pinangunahan ni Gob. Tallado ang paggawad ng sertipiko ng pagkilala sa 4 na iskolar ng PGSP na nakapagtapos bilang mga *cum laude*. Ito ay sina Jinky D. Mapusao, Rosabel A. Tan at Michelle Ann B. Sison na pawang kumuha ng kursong *Bachelor of Science in Accountancy (BSA)*, at si Samuel A. Bertillo na kumuha ng kursong *Bachelor of Science in Civil Engineering (BSCE)*.**—LTI**



***Nagbibigay ng kanyang mensahe si Gob. Egay Tallado sa mga nagtapos mula sa Camarines Norte State College kung saan ang gobernador ang panauhing pandangal. Namahagi rin siya ng mga sertipiko ng pagkilala sa mga PGSP grantees na nagtapos na Cum Laude sa kani-kanilang mga kurso katuwang ang presidente nito na si Dr. Wenifredo Oñate at ang mga dekano ng iba't-ibang kolehiyo sa naturang paaralan.***




# CNSC Abaño Campus kampeon sa CAT Fancy Drill at DBC/DLC Competitions

Hindi nasayang ang pagod at oras ng publiko na matiyagang nag-abang sa pagdaan ng *socio-civic and military parade* na tinampukan ng eksibisyon ng mga kalahok sa *CAT Fancy Drill Competition* mula sa ilang pampubliko at pribadong paaralan sa lalawigan.

Halos walang itulak-kabigin sa bawat kalahok na grupo na sabay-sabay at magkakatugma ang bawat paggalaw suot ang kani-kanilang katangi-tanging uniporme. Ang pagpili sa mananalo sa kumpetisyon ay isinagawa ng grupo ng inampalan habang isinasagawa ang parada.

Mas nalubos ang kasiyahan ng madla dahil sa mga *DBC/DLC Contingents* na masiglang umindak sa saliw ng kanilang mga piling tugtugin. Sila rin ang mga opisyal na mga kalahok sa kumpetisyon na isinagawa sa *Provincial Capitol Grounds* ang *DBC/DLC Competition* pagkatapos ng naturang parada.

Kaugnay nito, ang unang puwesto sa *CAT Fancy Drill Competition* ay nakuha ng *Camarines Norte State College (CNSC) Abaño Campus* habang ang ikalawa at ikatlong puwesto ay naiuwi naman ng *St. Francis Parochial School (SFPS)* at *Sta. Elena High School*, ayon sa pagkakasunod.

Sa *DBC/DLC Competition-Secondary School Level*, nanguna rin ang *CNSC* na nakakuha ng kabuuang puntos na 89.67. Naiuwi rin nito ang *minor awards* na *Best Majorette* at *Best in Uniform*. Ang *San Roque High School* na may 88.83 puntos na pumangalawa sa kumpetisyon ay nakuha rin ang *minor award* na *Best Conductor*. Ang *Vinzons Pilot High School (VPHS)* at *SFPS* na may tig-85.67 at 84.17 puntos ang nakasungkit ng ikatlo at ika-apat na puwesto, ayon sa pagkakasunod.

Ang Talisay *Central School (TCS)* na nagkampeon sa *DBC/DLC Competition-Elementary School Level* ay nakuha rin ang *minor awards* na *Best Majorette* at *Best in Uniform*. Pumangalawa rito ang *Daet Elementary School (DES)* na naiuwi naman ang *minor award* na *Best Conductor*. Ang ikatlo at pang-apat na puwesto sa kumpetisyon ay nasungkit naman ng *Goito Pimentel Elementary School*, at *Claudio Villagen Elementary School*, ayon sa pagkakasunod. ***LT IBASCO***





***Ang CNSC ALHS DBC nang ipakita nila ang kanilang winningperformance kaugnay ng DBC/DLC Competion kaugnay ng selebrasyon ng Bantayog Festival dito. Tinanggap naman ng Core Commander ng CNSC ALHS ang kanilang tropeyo mula kay Gob. Tallado nang tanghalin din silang kampeon sa CAT Fancy Drill Competition.***



PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Mga nanalo sa 7th Bantayog Cycling Competition pinangalanan

Nakuha ni Ryan Sepnio (No. 22) ng Nabua, Camarines Sur ang unang puwesto sa *Category A (MTB Open)* ng *7th Bantayog Cycling Competition* habang ang ikalawa at ikatlong puwesto ay naiuwi nina Jun Babagay (No. 19) ng Basud, Camarines Norte at Richard Oliver (No. 06) ng Iriga, ayon sa pagkakasunod. Sila ang tinanghal na pinakamabibilis na siklista na agad narating ang *finish line* sa harapan ng Dolor Hotel matapos bagtasin ang may 90-kilometrong ruta na Daet-Bagong Silang-Daet.

Dahil dito, tumanggap sila ng kaukulang tropeyo gayundin ng premyong tig-P5,000.00; P3,000.00, at P1,500.00, ayon sa pagkakasunod.

Ang unang tatlong puwesto naman sa *Category B (40-45 years old)* ay nasungkit nina Philip Arana (No. 64) ng Basud; at Glenn Sangcap (No. 68) at Horlie Encinas (No. 67) ng Talisay na naghari sa may 70 kilometrong ruta na Daet-Exciban-Daet.. Maliban sa kaukulang tropeyo, ipinagkaloob din sa kanila ang premyong tig-P3,000.00, P2,000.00 at P1,500.00, ayon sa pagkakasunod.

Nanguna naman sa *Category* C *(46 years old and above/novice)* ng kumpetisyon si Arnel Fajardo (No. 123) ng Basud na naiuwi ang premyong P3,000.00. Pumangalawa si Marcelino Anzano (No. 149) ng Labo na nakuha ang gantimplang P2,000.00 habang P1,500.00 naman ang naiuwi ni Mark Limboy (No. 138) ng Jose Panganiban na pumangatlo sa kumpetisyon. Sila ang nanguna sa may 90-kilometrong distansya mula Daet-Exciban-Daet).

Nagsilbing hurado rito sina Rolando Haspela at Jimmy Yanto at *finish line director* naman si Eddgardo Ang.

Narito ang listahan ng iba pang nanalo sa kumpetisyon at ang premyong tinanggap nila:

Category A: 4th Place – Michael Pili (Iriga) No. 08, P1,000.00; 5th Place – Sergio Sotto (Baao) No. 11, P800.00, at tig-P500.00 *consolation prize* para sa nakakuha ng ika-6 hanggang ika-10 puwesto na sina: Donald Bacedia (Nabua) No. 12; Eugenio Gomez (Daet) No. 20; Benigno Marmol (Daet) No. 14; Eusebio Quiñones (Basud) No. 21, at Henry Ramboyong (Iriga) No. 02; Category B: 4th Place – Jonathan Bayaran (Mercedes) No. 62, P1,000.00; 5th Place – JR Madera (Labo) No. 66, P1,000.00; at *consolation prize* na tig-P200.00 para sa *6th-10th placers* na sina: Reymart Mata (Sta. Elena) No. 61; Gerald Gayatin (Daet) No. 63; Isidro Ayubo (Mla) No. 56; Richard Cruzata (Jose Panganiban) No. 65, at Elbert Arañez (Labo) No. 52, at Category C: 4th Place – Carlo Pumariga (Daet) No. 103,

*(Sundan sa pahina 7)*

# Event Committees

## EXECUTIVE COMMITTEE

Honorary Chairman -Hon. Gov. Edgardo A. Tallado
Honorary Vice Chairman -Hon. Vice-Gov. Jonah Pedro G. Pimentel
Chairperson -Hon. SPM Ligaya L. Pedron
Co-Chairperson & Overall Project In-charge -Mrs. Josefina B. Tallado
Members - All Sanguniang Panlalawigan Members
-All Chiefs of Offices/ G.O. Division Chiefs
Overall Coordinator - Mr. Gilbert "Otchie" Tolentino
Assistant Coordinator - Mr. Abel C. Icatlo

## WORKING COMMITTEES

***Program and Invitation***
Chairman - Ms. Purita P. Briñas
Co-Chairman - Ms. Annabelle Defeo
Member - Ms. Lorena T. Ibasco

***Promotions and Documentation***
Chairman - Mr. Ricky Vito
Co-Chairman - Ms. Purita P. Briñas
Members - All Radio Stations

***Finance***
Chairman - Ms. Herminia O. Palado
Co-Chairman - Ms. Maribeth R. Malaluan
Member - Ms. Lorna A. Coreses

***Stage Preparation***
Chairman - Provincial Engr. Cesar Paita
Co-Chairman - Engr. Samson Largo
Members - PEO Laborers

***Hall and Venue Arrangement***
Chairman - Dr. Jose Rene G. Ruidera
Members - GSO Staff/PEO Staff

***Security and Ground Control***
Chairman - PCSupt. Antonio N. Gardiola, Jr.
Vice Chairman - Mr. Reynaldo Pajarillo, OIC Provl. Warden
Members -All PCSSD Staff

***Attendance***
Chairman - Ms. Magdalena B. Toledana
Members - Ms. Amelia Lopez & HRMD Staff

***Refreshment***
Chairman - Ms. Lorna A. Coreses
Members - PTO Staff

***Lights and Sounds/Technicals***
Chairman - Ms. Purita P. Briñas
Members - General Services Office (GSO) Staff

***Communication and Response Team***
Chairman - Dr. Carlos C. Galvez
Members -All CANORA Members
-Mr. Arnel S. Ferrer
-Mr. Arnel Cu

## COMMITTEES ON SPECIFIC ACTIVITIES

***Bicol Open Tennis Championship ( Lawn Tennis)***
In-Charge - Exec. Asst. IV Jose G. Boma
Member - Maria Zenaida A. Driz

***2011 Summer Arts Workshops***
In-Charge -Mr. Abel C. Icatlo

***Tribute to Local Heroes (Anniversary of Daet Revolt of 1898) "Lecture ON THE AIR"***
In-Charge -Mr. Abel C. Icatlo

***Jamming sa Bagasbas (Beach Party)***
In-Charge - Larry R. Abanto/ Ms. Genee Bertiz

***Provincial Anniversary, Flag Raising and Thanksgiving Ceremonies***
In-Charge -Mr. Abel C. Icatlo

***Commemorative Program***
In-Charge -Mr. Abel C. Icatlo

***CAT Fancy Drill Competition***
In-Charge -Mr. Arnulfo M. Balane, SDS

***DBC/DLC Competition***
In-Charge -Mr. Abel C. Icatlo
-Mr. Arnulfo M. Balane, SDS

***Socio-Civic and Military Parade***
In-Charge -PCSupt. Antonio N. Gardiola, Jr.
Co-Chairman - Mr. Reynaldo Pajarillo, OIC Provl. Warden
Members - Philippine Army c/o Col. Teodoro Cirilo Toralba
-PNP Daet c/o PCI Arnulfo Selencio
-Kabalikat Bicol/ Kabalikat Charity
-Barangay Tanods

***Governor's Night***
In-Charge -SPM Ligaya Lo-Pedron

***1st Gov. Egay Tallado Shoot Fest***
In-Charge - Mr. Jose Dacudao

***Surfing Clinic***
In-Charge - Atty. Ludivina Francisco

***Dance Showdown***
Chairman - Mr. Reynaldo Buñag
Members - Bay Radio Staff/ Radio ng Bayan Staff

***Boxing Competition***
In-Charge - SPM Edgar E. Dasco

***Photo Arts Exhibit***
Chairman - Engr. Leopoldo P. Badiola
Member - Mr. Luigi Martin P. Querubin

***Bantayog Tourism and Trade Fair***
In-Charge -Mr. Ernesto Pardo
-Prov'l. Planning and Dev't. Office
-Dr. Helen B. Abordo, DPM
-General Services Office
-Office of the Provincial Agriculturist
-DTI Office Staff

***Visual Arts Exhibit Year VII***
Chairman -Mr. Abel C. Icatlo
Members -Cams. Norte Visual Artist Association (CANVASS)

***Penitensya Watching***
Chairman - Atty. Ludivina G. Francisco
Members - All concerned LGUs

***Kaogmahan sa Bagasbas (Easter Sunday Events)***
In-Charge -Mrs. Josefina B. Tallado
Member -JCI Daet Kabihug

***Bikini Open***
Chairman - Atty. Sim O. Mata, Jr.
Co-Chairman - Mr. Rey Apuya
Event Consultant - Ms. Gesel R. Asuncion
Event Coordinators - Mr. Quintin N. Breboneria
- Mr. Mariano 'Bong' Palma

***Job Fair/NBI Clearance Issuance***
In-Charge -Arch. Madonna A. Abular
-Atty. Ludivina G. Francisco
- Mrs. Nida Tosoc

***Cycling Competition***
Chairman - Vice Mayor Juancho Ramores
Members - All Sports Office Staff

***"Kami Naman" Dance Showdown (50 yrs. Old & above)***
In-Charge - Mr. Reynaldo Buñag
Members -Bay Radio Staff/ Radio Ng Bayan Staff

***Search for Ms. Camarines Norte/Ms. Bantayog 2011 (talent & beauty search)***
Executive pageant Chairman -Ms. Josefina B. Tallado
Pageant Chairman -Atty. Sim O. Mata, Jr.
Members -Mr. Gilbert "Otchie" Tolentino
-Ms. Arlene Poot
-Mr. Richard Nueva

**Painting Workshop**
In-Charge -Atty. Ludivina Francisco

**Grand Festival Parade**
Chairman -Mr. Abel C. Icatlo
Co-Chairman - PCSupt. Antonio Gardiola
-Mr. Reynaldo Pajarillo
- Philippine Army c/o Col. Teodoro Toralba
-PNP Daet c/o PCI Arnulfo S. Selencio
-Kabalikat Bicol
-Kabalikat Charity
-Barangay Tanods

**Street Dancing Competition**
In-Charge -Mr. Abel C. Icatlo

**Concert** of **River Maya and Variety Show**
Chairman - Mr. Mariano "Bong" Palma
Member - Mr. Larry Abanto
-G.O. Staff

**Fireworks Display**
Chairman - Mrs. Josefina B. Tallado
Members -G.O. Staff

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# CNJPAI nakasali...

*(Mula sa pahina 4)*
ng *CNJPAI* sa katatapos na *International Jewelry Show* sa *Hongkong*.

Ang Camarines Norte bilang isa sa mga katangi-tanging lugar na gumagawa ng matataas na kalidad na alahas na yari sa *18K yellow gold.* ay nakakuha rito ng kabuuang US$ 92,321.43 *export sales*; US$ 2,255.00 *cash sales*; US$ 5,843.43 *booked orders*, at US$ 84,223.00 na nasa ilalim pa ng negosasyon.

Pinagaan at pinamahalaan din ng *DTI* ang preparasyon at pagsusumite ng lahat na kaukulang dokumento na hiningi ng *Hongkong Trade Development*. Pinangasiwaan din nito ang pagsubaybay sa *quality control (QC)* ng mga yaring alahas *(jewelry items)* na dinispley sa *jewelry show* at tiniyak na sumusunod ito sa pamantayang inilatag ng *organizer*.

Matatandaan din na ang *Bulawan (The Gold of Camarines Norte) catalogue* na inihanda at inilimbag sa ilalim ng superbisyon ng *DTI* ay nakaagaw ng atensyon ng isang mamimiling nakabase sa Estados Unidos partikular na ang deskripsyon ng bawat disenyo na naging kaakit-akit sa kanya at maaari umanong magsilbing epektibong kagamitan/paraan sa pagbebenta ng mga *handcrafted jewelry items* ng Camarines Norte.

Ipinahayag ng ilang dayuhang mamimili *(foreign buyers)* sa nasabing *jewelry show* na walang duda na may kaalaman at kasanayan ang ating mga *goldsmith* sa paggawa ng *handmade* at mabusising disenyo. Dahil dito, karamihan ng mga mamimili ay nakita ang mga yaring alahas natin na kabighabighani, maganda at katangi-tangi.

Ang naturang pagkilos ng *DTI* ay bahagi pa rin ng pagpapaunlad nito ng *One Town, One Product (OTOP)* ng mga bayan ng Paracale at Jose Panganiban na gumagawa ng mga *handcrafted* at *filigree gold products*.

Bilang karagdagan, ang *CNJPAI* na binubuo ng may 24 *member-firms* na gumagawa ng iba't-ibang klase ng hikaw, kuwintas, pulseras, singsing at *anklets*. Maibibilang ang produkto ng mga miyembro nito sa kategorya ng mga mamahaling alahas na ang pangunahing materyales sa paggawa ay ginto at pilak na maaaring palamutian ng mamahalin ó ***semi-precious stones.*** Tinatayang nakapag-empleyo ng may 106 direktang manggagawa ang mga miyembro ng *CNJPAI*.

Samantala, naitatag ang naturang asosasyon noong 1988 at nairehistro sa *Securities and Exchange Commission (SEC)* noong Pebrero 1, 1989. Layunin nito na maorganisa ang mga *jewelry shop owners/producers* at makabuo ng nagkakaisa at sama-samang pamamaraan tungo sa pag-angat sa antas ng industriya ng gintong alahas bilang hanapbuhay rito; mabuo ang suporta, kooperasyon at pagtutulungan ng lahat ng mga miyembro nito tungo sa pagpapaunlad ng negosyo sa komunidad; gawing daan ang industriya ng alahas bilang behikulo sa pagsulong at pag-unlad sa pagitan ng mga miyembro nito, at matulungan sila na makalahok, makasaliksik at mapasama sa kapakipakinabang na aktibidad na ito at mapabilis ang pag-unlad ng kanilang kabuhayan; mapaunlad ang mga produktong alahas sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pag-aaral ó pagpapaunlad ng mga produkto at pagpapayaman sa kanilang kasanayan para makatugon sa kalidad na itinatakda ng mga lokal at pandaigdigang merkado, at minsan pa ay makaagapay sa iba pang lugar sa bansa na gumagawa ng mga alahas, at mapataas ang produksyon ng alahas at makatulong sa pagbibigay ng trabaho sa ating mga kababayan dito sa Camarines Norte. ***LT IBASCO***

# Paruyan Festival ...

*(Mula sa pahina 8)*
halos iisang direksyon ang tinungo ng karamihan sa mga residente mula sa 12 bayan ng lalawigan – *ang Provincial Capitol* – upang makiisa sa okasyon na tinawag na *Grand Festival Parade*. Naging pangunahing atraksyon dito ang grupo mula sa iba't-ibang bayan ng lalawigan na kalahok sa *Street Dancing Competition* na binigyan na ng kaukulang puntos ng mga hurado ng kumpetisyon maliban pa sa makukuha nilang puntos sa eksibisyong isasagawa nila sa *Provincial Capitol Grounds*.

Kung marami ang nagtiis sa matinding init ng araw sa panonood ng parada, mas marami ang matiyagang nag-abang sa *Provincial Capitol Grounds* mapanood lamang ang eksibisyon ng bawat kalahok sa kumpetisyon. Nasaksihan nila rito ang masiglang pagsayaw at magkakatugmang paggalaw ng mga kalahok ayon sa ritmo ng kanilang tugtugin.

Hindi nasayang ang pagod ng publiko dahil nasaksihan nila ang pagpapakitang-gilas ng bawat kalahok suot ang kanilang kakaiba at matitingkad na kasuotan na mas binigyang-buhay ng kanilang katutubong aksesorya at mga materyales *(props)*. Sa pamamagitan ng kumpetisyon, naipakita ng bawat kalahok na bayan ang kanilang katangi-tanging kultura at tradisyon.

Kaugnay nito, tinanghal na kampeon ang *'Paruyan Festival'* ng Talisay na napanalunan ang premyong P50,000.00. Nakuha rin nila ang mga titulong *Best in Moving Choreography* at *Best in Costume* kung saan tinanggap nito ang *consolation prize* na tig-P3,000.00.

Nasungkit ng *'Rahugan Festival'* ng Basud ang ikalawang puwesto sa kumpetisyon at naiuwi ang gantimpalang P30,000.00. Pumangatlo naman ang *'Kadagatan Festival'* ng Mercedes na pinagkalooban ng P20,000.00 bilang premyo.

Ang iba pang kalahok dito ay ang *Busig-on Festival* ng Labo; *Pabirik Festival* ng Paracale, *Boloan Festival* ng Brgy. Daculang Bolo, San Lorenzo Ruiz at ang Boyuboy Festival ng San Lorenzo Ruiz; at ang *Karagumay Festival* na mula pa rin sa Basud. Sumali rin dito ang Gawad Kalinga-Daet, at ang *Philippine National Police (PNP)*.

Matatandaan din na bawat kalahok ay binigyan ng tulong-pinansyal para magamit nila sa kanilang gastusin. Ang mga bayang malayo ang distansya mula sa Daet ay tumanggap ng tig-P14,600.00, at P12,600.00 naman para sa mga malalapit na bayan.

Ang maingat at masusing pagpili sa mga nanalo ay pinangunahan ng grupo ng inampalan na kinabibilangan nina Baby Boy Benjamin D. Nebres III, Shirley R. Maloles, Donna Mae B. Tiongson, Romel P. Olimpo at Cherry Bantilan. ***LT IBASCO***

# Morales...

*(Mula sa pahina 8)*
sa *Kiwanis Club of Daet* at *LGU Daet* ay pinagkalooban ng gantimpalang tig-P20,000.00 at P10,000.00, ayon sa pagkakasunod. Tumanggap din sila ng kaukulang *sash*, tropeo at sertipiko ng pagkilala dahil sa kanilang pagkapanalo.

Si Laurice Lexine del Pilar Padilla na kumatawan sa *LGU Jose Panganiban* na tinanghal na *1st runner-up* ay nakuha ang kaukulang premyo. Napanalunan din ni Padilla ang *minor award* na *Miss Photogenic* dahil mas lumitaw ang likas niyang ganda sa kanyang kuhang larawan.

Naging *2nd runner-up* naman ang kinatawan ng *LGU* Mercedes na si Joyce Anne Herico Villafuerte na tinanggap ang kaukulang gantimpala. Ang *minor award* na *Darling of the Press* ay nasungkit din ni Villafuerte dahil sa ipinakita niyang husay sa pagsagot sa katanungan ng mga miyembro ng *media* na dumalo sa *Press Conference* na una nang isinagawa.

Ang kinatawan naman ng *Provincial Custodial and Security Services Division (PCSSD)* na si Jasmin Reinna Echaluce ang pinangalanan bilang *Miss Friendship* base sa resulta ng botohang isinagawa sa hanay ng mga opisyal na kandidata sa *Search for Miss Camarines Norte 2011*.

Naiuwi naman ni Rachel Anne Marie Pimentel Andes ng Sangguniang Kabataan-Daet ang *minor award* na *Best in Festival Attire* dahil sa kanyang kakaibang kasuotan na higit na nagningning dahil sa mahusay niyang pagdadala nito. Si Andes ay tumanggap ng premyong P3,000.00 at kaukulang *sash* habang ang mga nanalo ng 6 pang *minor awards* ay pinagkalooban ng gantimpalang tig-P1,000.00 at kaukulang *sash*.

Ang iba pang kalahok sa patimpalak at ang mga grupong kinatawan nila ay ang mga sumusunod: Mary Roxanne Evidor Tleon-LGU Vinzons; Maria Angelica Orendain Bayani-LGU Basud; Norelie Guzman Lamadrid-LGU Paracale; Melody Mendiola Agustin-LGU Mercedes; Nicole Anne Castañeda Gange-CNSC; Ginalyn Ecaro Colarina-LGU Basud; Francia Calzada Abogado-PNP; Melody Obin Rasco-LGU San Lorenzo Ruiz; Magnolia Michelle M. Madera-LGU Capalonga, at Reyshel Enriquez Agonos-LGU Jose Panganiban.

Samantala, ang ginamit na basehan ng mga hurado sa pagtaya at paghusga sa 17 kandidata sa patimpalak ngayong taon ay ang: *Beauty Factor (beauty of face, figure and complexion)* – 40%; *Intelligence Factor (wit, humor and intelligence)* – 30%; *Stage Factor (poise, charm and stage presence and projection)* – 20%, *at Candidates X-Factor (overall judges' impressions)* – 10% ***ó*** kabuuang 100%.

Nagsilbing miyembro ng grupo ng inampalan dito sina Dominique Lagrimas, Atty. Donna Mae Tiongson, Romel Olimpo, Reuben Raymond Sarmiento, Col. Teodoro Cirilo T. Torralba III, Janet Pimentel at Alfred Arangorin III. *LT IBASCO*

# Mga nanalo...

*(Mula sa pahina 6)*
P1,000.00; 5th Place - Eduardo Blanas (Jose Panganiban) No. 116, P1,000.00; at consolation prize na tig-P200.00 para sa nakapag-uwi ng ika-6 hanggang ika-15 puwesto: Maverick Abogado (Talisay) No. 115; Aquilino Cereno Jr. (Talisay) No. 106; Raymart Rañada (Talisay) No. 05; Daniel Marmol (Daet) No. 136; Napoleon Villamora (Daet) No. 122; Ronilo Buetre (Jose Panganiban) No. 146; Dennis Robles (Labo) No. 135; Angelo Tavera (Jose Panganiban) No. 133; James Edward Jolata (Paracale) No. 137, at Efren Dejarme Jr. (Daet) No.110.

Ang nasabing kumpetisyon na bahagi pa rin ng selebrasyon dito ng ika-91 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng ating lalawigan na may temang, "Bawat Cam. Norteño, Bayani at Marangal" ay nakapokus sa *7th Bantayog Festival*. ***LT IBASCO***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Morales kinoronahang Miss Camarines Norte 2011

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 1, BLG. 12 DAET, CAMARINES NORTE ABRIL 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

Naiuwi ng 18 taong gulang na 2nd *year BSIT college student* mula sa *Technological Institute of the Philippines (TIP)* na si Ruby Ann Jalique Morales ng *LGU Sta. Elena* ang korona bilang *Miss Camarines Norte 2011*. Ito ay sa katatapos na *grand pageant night* ng *Search for Miss Camarines Norte 2011* na idinaos noong Abril 28 sa *Camarines Norte Sports, Cultural and Arts Center (CNSCAC)*. Dahil dito, siya ay tumanggap ng gantimpalang P30,000.00 at kaukulang *sash*, tropeo at sertipiko ng pagkilala.

Ang angking talento, ganda at talino ni Morales ang nangibabaw at nagningning kumpara sa 16 pang kandidata na kalahok sa nasabing prestihiyosong patimpalak sa lalawigan. Sa katunayan, naiuwi rin niya ang 3 sa 7 *minor awards* gaya ng mga titulong *Best in Swimsuit*, *Darling of the Crowd* at *Best in Gown* kung saan tumanggap siya ng premyong tig-P1,000.00 at mga kaukulang *sash*.

Kinoronahan naman bilang *Miss Bantayog Festival 2011* si Ronaliza Freyra Tagala, at *Miss Camarines Norte Tourism 2011* naman si Ann Kristine Avecilla Amador. Sina Tagala at Amador na kumatawan

*(Sundan sa pahina 7)*



***Ang mga nagwaging kandidata sa Ms. Camarines Norte, Ms. CN Tourism at Ms. Bantayog Festival kasama sina Gob. Edgardo A. Tallado at maybahay nito na si Josie B. Tallado, SP Member at Chairman ng Bantayog Festival 2011 Ligaya "Gaying" Pedron pagkatapos tanghalin si Ms. Morales bilang Ms. Camarines Norte. Dinumog ng mga manonood ang CN Agro Sports Center kaugnay ng naturang patimpalak.***








# Paruyan Festival kampeon sa Street Dancing Competition





Maingay ngunit makulay at puno ng buhay at sigla ang naging pagtatapos ng selebrasyon dito noong Abril 29 sa ika-91 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng lalawigan ng Camarines Norte na nakatuon sa *7th Bantayog Festival*. Binigyang-diin sa halos 1-buwang aktibidad dito ang tema ng anibersaryo ng lalawigan na, ***"Bawat Cam. Norteno, Bayani at Marangal".***

Gaya ng inaasahan,

*(Sundan sa pahina 7)*

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com